## Mga Madalas Itanong tungkol sa personal at hybrid na mga paglilitis

Ang BIIA ay nag-aalok sa mga partido ng pagkakataong lumahok sa mga paglilitis na ginaganap nang nasa malayo (remotely), nang personal, o bilang hybrid na kaganapan.

### Ano ang ibig sabihin ng mga katawagang ito?

- **Nasa Malayo:** dumadalo ang lahat ng kalahok sa pamamagitan ng Zoom o telepono.
- **Nang Personal:** dumadalo ang lahat ng kalahok nang personal sa silid ng pagdinig.
- **Hybrid:** dumadalo ang ilang kalahok nang personal sa silid ng pagdinig kasama ang hukom at dumadalo naman ang iba nang nasa malayo.

### Saan ako makakapag-iskedyul ng personal o hybrid na pagdinig?

Maaaring magpaunlak ng personal o hybrid na mga pagdinig ang mga sumusunod na pasilidad ng BIIA: Everett, Seattle, Lakewood, Olympia, Yakima, Spokane, at Richland. Maaaring isagawa ang mga hybrid na pagdinig sa telepono sa Moses Lake at Vancouver. Mangyaring ipahayag ang iyong gustong paraan ng pagdinig sa iyong komperensya ng pag-iiskedyul. Gayunpaman, kung wala kaming available na silid ng pagdinig, isasagawa ng hukom ang iyong paglilitis sa pamamagitan ng Zoom o telepono.

Mga pagdinig sa mga lugar na hindi BIIA.

Kung humiling ka ng personal na pagdinig sa isang county kung saan wala kaming tanggapan, susubukan naming paunlakan ang iyong kahilingan. Gayunpaman, maaaring hindi available ang mga pasilidad. Bilang resulta, maaaring hilingin sa iyo na (1) talikdan ang lugar para payagan kaming iiskedyul ang iyong pagdinig sa isang tanggapan ng BIIA, o (2) sumang-ayon sa isang pagdinig sa telepono o Zoom. Hindi available ang mga hybrid na pagdinig sa mga pasilidad na hindi BIIA.

### Ano ang mangyayari sa araw ng pagdinig?

**Ang lahat** ng gustong lumahok ay kailangang i-screen ang sarili bago dumating sa tanggapan ng BIIA. Hindi dapat pumasok sa gusali ang sinumang may mga sintomas ng o kamakailang nalantad sa COVID, o kung hindi man ay may sakit. Dapat abisuhan ng mga saksi ang taong nag-iskedyul ng kanilang pagtestimonya na hindi sila makakadalo. Dapat abisuhan ng mga partido ang katulong ng hukom. Ang hukom ang magpapasya kung paano magpapatuloy ang pagdinig. **Hindi naman kinakailangang ang pagpapatuloy ng pagdinig ang susunod na hakbang.**

### Magtatanong ba ang hukom tungkol sa katayuan sa pagbabakuna?

Hindi.

### Kailangan ba ang mga pantakip sa mukha?

Hindi, ngunit hinihikayat namin ang sinumang gustong magsuot ng pantakip sa mukha na gawin ito.

### Mga Komperensya sa Pamamagitan o Pagsasaayos

Karaniwang isinasagawa ang mga komperensya sa pamamagitan o pagsasaayos sa pamamagitan ng telepono, ngunit maaari ring isagawa nang personal, sa pamamagitan ng Zoom, o hybrid kung sumasang-ayon ang lahat ng partido. Sa sariling pagpapasya ng hukom, maaaring isagawa ang mga komperensya nang personal, sa pamamagitan ng Zoom, o hybrid kapag hiniling ng anumang partido (halimbawa, bilang isang akomodasyon). Kung interesado ka sa personal, Zoom, o hybrid na pamamagitan, mangyaring makipag-ugnayan sa tagapag-iskedyul ng iyong hukom sa lalong madaling panahon. Hindi maaaring isagawa ang mga hybrid na komperensya sa mga pasilidad na hindi BIIA.